Balitang Manmin

BILANG 182 HUNYO 18, 2017

# Ang Ika-30 Anibersaryo ng *Balitang Manmin*, Isinasalin sa 33 Wika Nagbibigay ng Buhay ang Banal na Espiritu sa Lahat ng Tao sa Buong Mundo

Tatlumpung taon na ang nakaraan magmula ng magsimulang maghatid ang *Balitang Manmin* ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng tao sa lahat ng bansa.

Noong Mayo 17, 1987, inilathala ang buwanang *Manmin Joong-ang News*. Noong Enero 1991 inilathala ang unang edisyon sa wikang Ingles. Noong Oktubre 1991, kasabay ng pagdiriwang ng iglesya ng ika-9 na anibersaryo, nagsimulang ilathala ang babasahin dalawang beses sa isang linggo. Noong Oktubre 2009, sa selebrasyon ng ika-27 anibersaryo, tinawag na '*Balitang Manmin*' ang ika-300 edisyon. Sa kasalukuyan inilalathala ito sa online at print. Napakahalaga ng ginagampanang papel nito sa ministeryo ng media ng iglesya.

❖




Noong Nobyembre 2012, ika-30 anibersaryo ng iglesya, binuksan ang website na www.manminnews.com. Nasa website na ito ang *Balitang Manmin* sa 32 wika: Korean, English, Simplified Chinese, Traditional Chinese, Japanese, Spanish, Russian, French, Hebrew, Tamil, Hindi, Indonesian, Portuguese, Mongolian, Thai, Tagalog, Visayan, Arabic, Estonian, Ukrainian, Vietnamese, Urdu, Dutch, Bulgarian, Finnish, Danish, Swedish, Burmese, Nepali, German, Italian, at Sinhalese. Pwedeng basahin ng lahat ng tao sa buong mundo ang babasahin dahil dito. Sa Hunyo 4, mababasa na rin ito sa wikang Rumanian dahil sa kahilingan ng mga miyembro ng Moldova Manmin Church sa Eastern Europe.

❖

Ito ay inilalathala ng linguhan, dalawang beses sa isang linggo, buwanan, o isang beses sa tatlong buwan, depende sa situwasyon ng lugar. Mababasa dito ang Word of Life (Ang Salita ng Buhay), na may malinaw na paliwanag tungkol sa Biblia; mga espesyal na artikulo na sumasagot sa mga katanungan tungkol sa mga espirituwal na bagay; mga patotoo ng iba't ibang tao na nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos; at mga balita sa loob at labas ng Korea. Ang mga nilalamang ito ng babasahin ay nakatutulong na maibahagi ang ebanghelyo ng mas mabilis at nakakapagpalago ito ng pananampalataya n mga tao.

Minamahal ng mga mambabasa sa loob at labas ng Korea ang *Balitang Manmin*. Nagiging daan ito para maipahayag ang landas patungo sa kaligtasan. Dahil din sa babasahin, may nagaganap na pagkilos ng Banal na Espiritu, nararanasan nila ang kapangyarihan ng Diyos (basahin sa pahina 3 at 4).

Sinabi ni Pastor Daniel Rozen, Presidente ng Samahan ng mga Pastor sa Israel, "Gusto kong iparating ang taos-puso kong pasasalamat sa *Balitang Manmin* dahil sa pagbabahagi nila ng salita at kapangyarihan ng Diyos sa bawat sulok ng mundo. Ang mga patotoo tungkol sa mga biyaya at mga kaalamang ibinabahagi nito ay nagpapalakas ng loob namin, nakatutulong ito sa pagpapalawak namin ng kaharian ng Diyos. Nagpapasalamat ako sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naglalathala ng babasahing ito dahil ibinabahagi nito ang tungkol sa kaligtasan sa mga tao sa buong mundo. Maligayang pagbati sa ika-30 anibersaryo ng *Balitang Manmin!*"

Sinabi ni Misyonero Wong Ping Ping, taga-Singapore, "Madaling basahin ang *Balitang Manmin*, nagkakaroon ng espirituwal na kaalaman ang mga mambabasa, nilulutas nito ang mga problema nila sa buhay. Pinapalago din nito ang pananampalataya nila sa tulong ng mga patotoo. Napakaepektibo nito dahil sinasagot nito ang mga pangangailangan ng mga mambabasa sa tulong ng mga iba't ibang paksa at nilalaman."

Sinabi ni Diakonesa Iwamoto Yoko mula sa Osaka Manmin Church sa Japan, "Malaking tulong sa buhay ko ang *Balitang Manmin*. Noong may mga pagsubok ako, naalala ko ang mga patotoo, napagtagumpayan ko ng may pananampalataya ang mga ito. Madaling maintindihan ang Word of Life (Ang Salita ng Buhay), maraming paksa ang tinatalakay dito, malinaw at madaling maintindihan. Ina-upload ko ang mga artikulo, mga balita, at mga patotoo sa Facebook, nagugustuhan ito ng maraming tao."

❖

Pitong taong nagdusa si Elder Honggi Park (Presidente ng Samahan ng mga Lalaking Lider ng Distrito, Miyembro ng Komite ng mga Eksperto sa Batas, Lee& Ko Law Firm, at Inspektor sa Hansol PNS), mula sa isang karamdamang may kinalaman sa maruming hangin at kapaligiran. Nakabasa siya ng *Balitang Manmin*, kaya pumunta siya sa iglesya. Sinabi niya, "Nagpunta ako sa iglesyang ito dahil sa isang kopya ng babasahin na nakita ko sa pintuan ng bahay ko dalawampung taon na ang nakaraan. Magmula ng gumaling ako sa mga karamdaman dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Lee, puno ng pasasalamat, at kagalakan ang buhay ko. May pag-asa ako na makakarating ako sa Bagong Jerusalem. Umaasa ako na makarating din ang babasahin sa iba pang desperado tulad ko noon. Nagpapasalamat ako sa *Balitang Manmin* dahil nagpapagaling ito at nagbibigay ng buhay sa mga tao."

Magpasalamat at luwalhatiin natin ang Diyos na nagpala sa napakaraming tao sa buong mundo sa pamamagitan ng kagalakan ng kaligtasan, pag-asa para sa walang hanggang buhay sa Langit, at walang katapusang pag-ibig at pagpapala sa ika-30 anibersaryo nito.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Nakatagong Kayamanan sa Isang Bukid

"Ang kaharian ng langit ay tulad sa nakatagong kayamanan sa isang bukid; na natagpuan ng isang tao, at tinabunan niya ito. Sa kanyang kagalakan ay umalis siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang mga ari-arian at binili ang bukid na iyon."
(Mateo 13:44)

Maraming taong naghahangad ng tunay na kaligayahan, subsob sila sa trabaho pero kakaunti sa kanila ang nakararanas ng tunay na kaligayahan sa buhay nila.

Walang tigil sila sa pagsisikap para magkaroon ng mas maayos na buhay pero hindi sila kuntento sa mga bagay na nasa kanila na, at nawawala sa isang iglap ang kayamanan ng iba sa kanila.

### 1. Ang Kaharian ng Langit ay Parang Nakatagong Kayamanan sa Bukid

Nang likhain ng Diyos ang unang nilalang na si Adan, ang espiritu ang ginawa Niyang pinuno ng tao, at ang kaluluwa ay sumusunod dito. Nakatira ang espiritu at ang kaluluwa sa katawan. Itinalaga ng Diyos si Adan bilang panginoon ng buong nilikha at binasbasan ito para pamunuan ang lahat ng bagay. Dahil espirituwal na nilalang siya, nakikipag-ugnayan siya sa Diyos na espiritu.

Pero pagkatapos ng mahabang panahon, Sumuway si Adan, nagkasala siya. Kumain siya ng bunga ng punungkahoy ng pagkakaalam ng mabuti at masama na ipinagbawal ng Diyos. Dahil dito, namatay ang pinuno ng tao, ang kanyang espiritu, naputol ang ugnayan niya sa Diyos. Habang napupuno ng kasalanan ang puso ni Adan, unti-unti ring nawala ang espirituwal na kaalaman na mula sa Diyos, ito ang kaalaman ng buhay. Habang lumilipas ang panahon, tumanggap siya ng mga kasinungalingan mula kay Satanas.

Dahil dito, ang espiritu ng tao ay parang naging ipa, walang laman. Hindi na pinahalagahan ang Diyos ng mga inapo ni Adan, gumawa na rin sila ng mga bagay na sa paningin ng Diyos ay mali (Mga Taga-Roma 1:28-31).

Para sa makasalanang tao, ibinigay ng Diyos si Jesus na pinili Niya dahil noon pa man ay batid na Niya ang mangyayari at inilihim Niya ito bago pa magsimula ang panahon. Ipinako sa krus si Jesus bilang kabayaran sa mga kasalanan. Napagtagumpayan Niya ang kamatayan, muli Siyang nabuhay, kaya sinumang magtiwala kay Jesu-Cristo ay maliligtas at makakapasok sa Langit sa pamamagitan ng pananampalataya.

Nang narinig namin ang ebanghelyo ng kaharian, tinanggap namin si Jesu-Cristo, napatawad kami mula sa mga kasalanan, at tinanggap namin ang Banal na Espiritu. Nabuhay ang patay na espiritu namin. Nagkaroon kami ng karapatang maging mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya at naisulat ang mga pangalan namin sa Aklat ng Buhay sa Langit. Nagkaroon kami ng kagalakan, sinimulan naming dumalo sa lahat ng pagsamba. Naunawaan namin ang Salita ng Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu, tinanggap din namin ang kapangyarihan para manalangin at sumunod sa Salita ng Diyos.

Sa Mateo 13, itinulad ang Langit sa ilang mga bagay. Isa na dito ang nagsasabi ng ganito, 'Nakatagong kayamanan sa isang bukid'. Itinutulad ng talinhaga ang natagpuang kayamanan sa bukid sa patay na espiritu ng tao na nabuhay dahil sa ebanghelyo, tumanggap kay Jesu-Cristo at Banal na Espiritu; at naisasapuso ang Langit.

### 2. Natagpuan ng Isang Tao at Muling Itinago; at Dahil sa Lubos na Kasiyahan, Umalis Siya at Ipinagbili ang Lahat ng Ari-arian Niya para Bilhin ang Bukid

Ang ibig sabihin ng 'natagpuan ng isang tao at muling itinago' ay nabuhay ang patay na espiritu at nais sumunod sa kalooban ng Diyos pero wala pang lakas para gawin ito. Ang 'kasiyahan' na nadama ng tao ay nangangahulugang natanto nila na may Langit at napupuno ito ng kagalakan nang buhayin ang espiritu nila.

Para masunod ang Salita ng Diyos, iwaksi ninyo ang masasamang katangian mula sa puso ninyo. Si Satanas ang naglalagay ng mga ito dito. Kung may kasamaan at kasinungalingan sa puso ninyo, kahit ipahayag ninyo ang pananampalataya ninyo sa Diyos, dadalhin kayo ng mga kasamaang ito sa kadiliman. Dapat kayong manalangin at umasa sa Diyos para marinig ninyo ang tinig ng Banal na Epiritu at masunod ang kalooban ng Diyos.

Anong kahulugan ng 'umalis siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang mga ari-arian at binili ang bukid'? Kahit ang espiritu na nasa ilalim ng kaluluwa ay nabuhay pagkatapos ninyong tanggapin si Jesu-Cristo, dapat ninyong wasakin ang lahat ng masasamang aspeto ng kaluluwa para makakilos muli ang espiritu bilang pinuno (2 Mga Taga-Corinto 10:5).

Nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas ang kaluluwa, lumalaban ito sa Diyos at sa katotohanan. Kaya ang isang taong may espiritung nasa ilalim ng kapangyarihan ng kaluluwa ay nasa ilalim din ng kapangyarihan ni Satanas, nananahan siya sa kadiliman. Hindi pwedeng buhayin ang espiritu nila at gawing pinuno ng taong iyon kung hindi nila wawasakin ang kasamaan ng kaluluwa. Magiging mabuti ang lahat ng bagay sa buhay ninyo kung mawawasak ang kasamaan ng kaluluwa. Kung mas mapupuspos ang espiritu makakasunod na kayo sa Salita ng Diyos. Kaya kung nakakita kayo ng kayamanan na nakatago sa bukid, ipagbili ninyo ang lahat ng inyong ari-arian at bilhin agad ang bukid.

### 3. Para Makamit ang Langit na mas Mahalaga Kaysa Lahat ng Pag-aari Ninyo

Habang nagbubungkal ng lupa, may nahukay sa ilalim ang isang lalaki. Nakita niya ang isang malaking kayamanan. Tinabunan niyang muli ng lupa ang kayamanan para itago ito, inisip niya kung anong mabuting gawin. Nagdesisyon siyang ipagbili ang lahat ng ari-arian niya at bilhin ang bukid. Ito ay sapagkat ang nakita niyang kayamanan ay mas mahalaga kaysa lahat ng pag-aari niya.

Ang espirituwal na kahulugan ng 'ipagbili ang lahat ng pag-aari niya' ay wasakin lahat ng kasamaan ng kaluluwa, iwaksi ang makalaman na gawain (Galacia 5:19-21) at alisin ang masasamang iniisip (Mga Taga-Roma 13:13-14). Ang mga bagay na ito ay mali ayon sa Salita ng Diyos. Ito ay pagwawaksi ng lahat ng bagay na mas pinapahalagahan ninyo kaysa sa Diyos.

Ipagpalagay nating may narinig kayong mensahe na nagsasabi sa inyo na umibig, magpasalamat, magwaksi ng maruming pag-iisip tungkol sa pakikiapid, huwag magnakaw. Kung susundin ninyo ang narinig ninyo, at iwawaksi ang inyong mga kasalanan at kasamaan sa inyong mga dalangin, tulad ito ng 'ipinagbibili ang lahat ng inyong mga ari-arian.' Habang nagwawaksi kayo ng kasalanan at kasamaan, masusunod ninyo ang Salita ayon sa nais ng Banal na Espiritu. Magiging espirituwal kayo, at ilaw at asin ng mundo.

Sa madaling salita, ang 'ipagbili ang lahat ng pag-aari' ay nangangahulugang labanan ang kasalanan hanggang dumanak ang dugo, sumunod sa Salita ng Diyos (Sa Mga Hebreo 12:4), maging espirituwal, makibahagi sa kabanalan, at tumulad kay Jesu-Cristo (2 Pedro 1:4). Para makamit ang isang bagay, dapat nating bayaran ito. Tulad nito, kung gusto ninyong maangkin ang Langit, magbayad kayo sa Diyos dahil Siya ang may-ari nito. Makakamit ninyo ang Langit kung sasamba kayo sa espiritu at katotohanan, magsasakripisyo, magboboluntaryo ng oras at pera, at magbibigay ng lahat ng pag-aari ninyo.

At tandaan ninyo, hindi ninyo bibilhin ang bukid kung mas gusto ninyo ang pag-aari ninyo kaysa sa kayamanan na nakabaon sa bukid. At kung hindi ninyo nalalaman ang tungkol sa kayamanan na nakabaon dito o kung hindi kayo naniniwala, hindi ninyo bibilhin ang bukid. Pero kung totoong naniniwala kayo sa Langit, malalabanan ninyo ang kasalanan hanggang dumanak ang dugo, maiwawaksi ninyo ang lahat ng kasalanang ito.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang mga nagmamay-ari ng Langit ang pinakamayayaman dito sa mundo kahit mawala pa sa kanila ang lahat ng bagay dito sa mundo! Ito ay dahil lahat ng kinakailangan nila ay ibibigay ni Jesu-Cristo. Hinihikayat ko kayong iwaksi ang lahat ng bagay na lumalaban sa Salita ng Diyos at sundin ang Salita. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na mahanap nawa ninyo ang kayamanan para makamit at maging Langit ang puso ninyo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Batid ng mga Nangangaral ng Ebanghelyo ang Kagalakan na Dulot Nito"

Maraming mga patotoo sa loob at labas ng Korea na gumagaling ang mga kahinaan at karamdaman at nagiging malusog ang mga miyembro ng Manmin habang nagpapamigay sila ng *Balitang Manmin.* Nagpapasalamat sila sa pagpapala ito ng Diyos.




Diakono Fabrice Flandre, 49 taong gulang, Hainaut Manmin Church, Belgium

## "Ipinapangaral Ko ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Europa Kung Saan Dapat Makita ang Kapangyarihan ng Diyos"

Noong Abril 2011, habang naghahanap ako ng tunay na iglesya at pastor, nagkataong dumalo ako sa isang pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling, si Pastor Christina Roh ang namumuno nito. Pagkatapos, tiningnan ko ang website ng iglesya at pinakinggan ang mensahe, pinanood ko ang mga pagtatanghal at ang mga krusada sa ibang bansa. Magmula noong taong 2012, nagpapamigay na kaming dalawa ni Pastor Roh ng *Balitang Manmin* tuwing Sabado ng hapon sa Charleroi. Gusto naming ipangaral ang ebanghelyo ng kabanalan sa buong Europa at sa Belgium, bukod dito, hinahangad naming makapagtatag ng mga sangay na iglesya sa Europa.

Ang Brussels, pangunahing lunsod ng Belgium, ay ang totoong kapital ng European Union dahil doon makikita ang lahat ng malalaking opisina. Sinasabing mahalagang makakita ng mga tanda at himala sa lugar na ito dahil hindi madaling magkaroon ng pananampalataya ang mga tao dito. Isa ito sa mga dahilan kung bakit masigasig ang pangangaral ko ng ebanghelyo. Naibahagi ko na ito sa pamilya, mga katrabaho, mga kapitbahay, at mga kabigan ko. Nakapagpamigay na din ako ng *Balitang Manmin* sa mga tao sa kalye. Sa palagay ko, epektibong paraan ito para maibahagi ang ebanghelyo sa mga tao.

Habang ipinamamahagi ko ang lingguhang babasahin, nadama ko ang pag-ibig ng Panginoon; may mga baguhang dumalo sa iglesya at bumalik ang mga matagal nang hindi dumadalo. Samantala, binigyan ako ng Diyos ng malaking pagpapala na hindi ko inasahan. Sa retreat sa tag-init ng Manmin noong taong 2015, gumaling ako sa pagiging bingi. 40% ng pandinig ko ang nawala, pero ngayon, nakaririnig na ako ng malinaw. Hallelujah!




Kapatid Teresa Nakama, 80 taong ulang, Peru Manmin Church

## "Wala Akong Magawa Kundi Ibahagi ang Salita ng Buhay"

Noong taong 2012, nang magsimula akong dumalo sa Peru Manmin Church, naintindihan ko ang totoong kahulugan ng buhay. Nabagbag ang damdamin ko sa mga sermon tungkol sa "Love Chapter" at "Goodness" dahil nakita ko ang pagkakaiba ng pag-ibig sa pananaw ng tao at pag-ibig na kinikilala ng Diyos.

Nalaman ko na ang napakahalagang sermon na ito ay mula kay Dr. Jaerock Lee, Punong Pastor ng Manmin Central Church. Tinanggap niya ang mga mensaheng ito mula sa Diyos bilang bunga ng napakaraming pag-aayuno at pananalangin. Nagkaroon ako ng pag-asa sa buhay sa Langit. Habang nadadagdagan ang kaalaman ko tungkol sa pag-ibig ng Panginoon, nakaranas ako ng pagbabago sa aking buhay, nagbago rin ang pagkatao ko. Puno na ng kapayapaan ang buhay ko ngayon.

Kasama ng pagpapasalamat ko sa pagpapala, gusto ko rin na ibahagi ang mabuting balita sa mas madaming tao, kaya nagpamigay ako ng *Balitang Manmin* hangga't makakaya ko. Nagpamigay ako nito araw at gabi dahil kasama dito ang Salita ng Buhay, ang pag-ibig ng Diyos, at mga patotoo ng mga mananampalataya na binago ng kapangyarihan ng Diyos.

Tuwing Sabado, nagpapamigay ako sa mga ospital, at sa daan, kasama ang mga miyembro ng iglesya. Mas naging malusog ako kaysa dati. Punung-puno ako ng kagalakan na hindi maipaliwanag.

Nagpapasalamat ako sa Punong Pastor na naghahatid ng salita ng buhay para malaman natin ang damdamin at kalooban ng Diyos at Panginoon.




Punong Diakonesa Jongae Kim, 70 taong gulang, Parokya 31, Manmin Central Church

## "Nag-uwi ang Asawa Ko sa Bahay Namin ng Kopya ng *Balitang Manmin,* Nagyaya Siyang Dumalo sa Iglesya"

Marami na akong nadaluhang iglesya, pero nauuhaw pa rin ang espiritu ko sa salita ng buhay. Isang araw, nag-uwi ang asawa ko ng isang kopya ng babasahin, ibinigay niya ito sa akin. Sinabi niya, "Mahal, magsimba tayo." Ang babasahing iyon ay *Balitang Manmin.*

Noong Mayo 1993, magkasama kaming pumunta sa Manmin Central Church. Idinadaos ng iglesya ang pinakaunang espesyal na pagpupulong para sa pagpapalakas ng espiritu. Pinakaunang pagdalo ko din sa iglesya, pero pakiramdam ko, nasa sarili kong tahanan ako. Nadama ko ang pagyakap sa akin ng Diyos sa pagbisita kong iyon.

Tinalakay ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang tungkol sa iba't ibang tirahan sa Langit. Wala pa akong nadinig na ganitong pagsasalarawan ng Langit, kahit ilang dosenang taon na akong nagsisimba. Napakatamis pakinggan ng mga mensahe. Napapaiyak ako sa bawat pagtitpon.

Sa mga sermon ng Punong Pastor, natanto ko na ang kahulugan ng buhay bilang Cristiano ay tuparin ang kalooban ng Panginoon. Maalab akong nanalangin sa pulong panalanging Daniel at nanalangin pa rin ako pagkatapos nito. Sinikap kong sundin ang Salita. Samantala, nagkaroon ng malalang aksidente ang kotse ng asawa ko, pero hindi siya nasaktan. Naranasan niya ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos.

Malaki ng pagpapasalamat ko sa Diyos, sinimulan kong ikalat ang *Balitang Manmin* na gumabay sa pamilya ko patungo sa iglesyang ito. Nagpapamahagi kaming mag-asawa ng 600 kopya nito bawat linggo sa nakaraang 17 taon, tag-ulan man o taglamig.

Nagpapasalamat ako dahil nagagawa kong magpamigay ng *Balitang Manmin* sa mga tao. Biniyayaan ako ng kalusugan ng Diyos, walang anumang sakit kahit 70 taong gulang na ako. Pumupunta ako sa pinakamalaking iglesya sa Guro-dong, Seoul, mula sa Bucheon, probinsya ng Gyeonggi para makadalo ng pulong panalanging Daniel. Tinutupad ko ang tungkulin na ibinigay ng Diyos sa akin bilang lider ng grupo ng misyon. Umaasa ako na magiging kagiliw-giliw akong babaing pakakasalan ng Panginoon, naglalabas ng mabangong samyo ni Cristo, at maghatid ng pag-ibig ng buhay na Diyos.

# "Batid Kong Maliligtas ang Anak Ko Dahil sa Nabasa Ko sa *Balitang Manmin*"

Punong Diakonesa Byeongrye Mun,
82 taong gulang, Parokya 31, Manmin Central Church

Naging napakalungkot ng buong pamilya ko nang hindi natanggap sa kolehiyo ang panganay na anak kong lalaki dahil hindi siya nakapasa sa pagsusulit. Nagkaroon siya ng problema sa pag-iisip dahil dito. Nagpagala-gala siya sa lugar namin, pasigaw-sigaw ng malakas. Nagpatawag ako ng salamangkero para palayasin ang demonyong sumapi sa kanya, pinatingnan din namin siya sa mga ospital. Walang nakatulong sa mga ito sa kanya. Maraming taon akong umiyak, nagdusa ako.

Isang araw, sa taong 1993, binigyan ako ng isang kakilala ng kopya ng *Balitang Manmin*, sinabi niya na marami na ang pinagaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee, ang Punong Pastor ng Manmin Central Church. Binasa ko ang babasahin, nakumbinse ako na ito ay makakatulong para maligtas ang anak ko. Mula sa Seosan, Chungnam, pumunta ako sa Seoul. Nahanap ko ang iglesya sa tulong ng mapa sa likod ng babasahin. Nagrehistro ako sa Manmin Central Church.

Habang pinapakinggan ko ang mensahe, natanto ko na nagkasala ako ng pangangalunya, napopoot ang Diyos sa kasalanang ito. Lubos ang pagsisising ginawa ko. Lumaya ang anak ko mula sa sakit sa pag-iisip. Hallelujah!

Noong taong 1998, hinimatay ang anak ko dahil sa stroke. Mayroon lang 30% na mabubuhay siya. Pero gumaling siya at naging malusog nang tanggapin niya ang panalanging my panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12). Noong taong 2002, nakita sa pagsusuri na mayroon akong spondylitis. Sinabi ng doktor na kailangan akong maoperahan para tanggalin ang apektadong buto ko sa gulugod para mapalitan ito ng artipisyal na buto. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ng Punong Pastor, lubos ang paggaling ko.

Mapayapa na sa harapan ng Panginoon ang buong pamilya ko. Tumanggap ng mga biyayang pinansyal ang negosyo ng pangalawa kong anak na lalaki kahit mababa ang lagay ng ekonomiya. Lumipat siya sa ibang mas malaking negosyo, at ang hipag ko ay nagtatrabaho bilang lider ng mas mababang distrito. Ang anak kong babae ay lider ng isang cell group at miyembro din ng Golden Light Choir. Ang manugang ko naman ay miyembro ng Manmin Volunteer Group. Lahat kami ay nagsusulong ng buhay habang umaasa sa walang hanggang buhay sa Langit.

Nagdusa ako mula sa problema sa pamilya at buhay na hindi ko nakayanan. Pero dinala ako ng *Balitang Manmin* sa isang iglesya na may buhay at kapangyarihan. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpadala sa akin ng pinagpalang babasahin.



# "Naghahatid Ako ng *Balitang Manmin* na Nagbabalita ng Salita ng Buhay at Biyaya"

Kapatid Myungkil Bang, 41 taong gulang,
New York International Manmin Church, Estados Unidos




Noong Pebrero 2011, hiniling sa akin ng nanay ko na tingnan ang website ng Manmin Central Church. Binasa ko ang sermon na "The Measure of Faith." Napakasarap basahin nito, hindi ko napansin ang oras na ginugol ko sa pagbabasa nito. Pwede kong suriin kung anong antas ng pananampalataya ko, at nagkaroon ako ng pag-asang makamit ang mas mabuting tirahan sa langit at mga gantimpala. Nagbigay ang mga sermon ng malinaw na paliwanag tungkol sa Aklat ng Genesis, at may paliwanag din tungkol sa 'espiritu at laman' na batay sa Biblia. Hindi ito pamilyar sa akin.

Hindi nagtagal, hindi ko napansin na naiwaksi ko na rin ang masasamang bagay na nakasanayan kong gawin, nanalangin ako. Dati, iniisip ko na malayo ang Diyos sa akin, at mahigpit Siya. Pero ngayon, damang-dama ko ang kabaitan at pagmamahal Niya. Siya ay mabuting ama na puno ng pag-ibig. Pinanood ko ang mga programa na nagpapalabas ng mga sermon sa GCN (www.gcntv.org). Nang makita ko sa personal ang Punong Pastor, buong puso akong nagpasalamat sa kanya, napaiyak pa ako. Naaawa ako sa mga tao na hindi pa nakaririnig ng ebanghelyo ng kabanalan.

Noong Agosto 2015, sumama ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin, dumalo na din ako sa New York International Manmin Church sa America. Namamasada ako ng taxi sa Manhattan, New York. Pinagpapala ako at binibiyayaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pastol. Mayroon akong nakahandang *Balitang Manmin* na nagbabahagi ng salita ng buhay at kapangyarihan ng Diyos sa loob ng taxi ko, ipinapamigay ko ang mga ito sa mga pasahero ko. Kapag malayo ang biyahe ko, naglalagay ako ng *Balitang Manmin* sa pintuan ng mga bahay, umaasa ako na makatagpo ang napakabuting Diyos ng mga nakatira sa bahay na iyon.

Mahinang-mahina ang katawan ng nanay ko noon, pero gumaling ang rayuma niya. Naging napakalusog niya, ni hindi pa siya nagkakasipon magmula noong ipanalangin siya ni Boknim Lee, Presidente ng Manmin Prayer Center, noong bumisita kami sa Korea para sa retreat noong taong 2011. Nagmiministeryo siya ngayon sa isang iglesya at namamahala sa isang institusyon para sa mga naulila. Dahil sinisimulan niya ang bawat araw sa pananalangin na pinamumunuan ng Punong Pastor, malulusog ang mga bata at tumatanggap sila ng mga biyayang pinansyal.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na tumulong sa akin na malaman ang tungkol sa Manmin Central Church. Naiintindihan ko na ang kalooban ng Diyos, at dahil sa kapangyarihan ng pastol, ang biyayang tinatanggap ko ay higit pa sa paglilingkod na ginagawa ko.

## Isang Sulat Mula sa Ibang Bansa

Mahal naming Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at mga miyembro ng Manmin, Kami ay mga miyembro na taga-Moldova na binago ng mga mensahe ng Punong Pastor, dahil dito, sumusulong kami patungo sa Bagong Jerusalem.

Sinasabayan namin ang mga pagsamba sa Korea sa pamamagitan ng internet, sinisikap din naming makasabay sa pagkilos ng espiritu. Nagdadaos kami ng mga pagsamba tuwing Linggo gamit ang naka-record na video dahil iba ang oras dito sa amin. Pagdating ng pagsamba sa gabi, naidadaos namin ito sa santuwaryo dahil nasasabayan namin ang pagsamba sa Korea dahil akma ito sa oras namin dito. Nagsasagawa kami ng pulong panalanging Daniel at nananalangin kami ng sabay-sabay sa loob ng dalawang oras, ika-8:00 ng gabi ang simula namin.

Regular na ipinapadala sa amin ang edisyong Russian ng *Balitang Manmin.* Nakakatulong ito sa paglago ng pananampalataya namin, ginagamit din namin ito sa pangangaral ng ebanghelyo. Nagda-download din kami ng kopya nito at ipiniprint dahil kailangan namin ng mas marami pa, pagkatapos, ipinamamahagi ang mga kopya. Pero sa kasalukuyan, hindi na wikang Ruso ang giagamit ng mga kabataan, mas ginagamit nila ang Rumanian, lalo na sa probinsya. Ito ang dahilan kung bakit kailangan namin ng mga babasahin sa wikang Rumanian, dahil ito ang totoong wikang ginagamit namin dito.

Nabalitaan namin na hindi magtatagal, ilalathala na din ang *Balitang Manmin* sa wikang Rumanian. Nakapagpapasaya ang balitang ito sa amin. Nagpapasalamat ako sa iglesya dahil magkakaroon na din ng *Balitang Manmin* sa wika namin. Nagpapasalamat ako sa Punong Pastor na kumakalinga sa amin nang may pagmamahal at sakripisyo.



Dahil sa kahilingan ng mga mananampalataya sa buong mundo na magkaroon ng kopya nito, mababasa ang *Balitang Manmin* sa 32 wika. Sa Hunyo 2017, maglalabas na ng edisyong Rumanian. Ito ang pang-33 wika.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714